

# Paano ayusin ang credit mo

---

Kapag nakaranas ka ng pinansyal na paghihirap pampananalapi, puwedeng maapektohan ang iyong credit record. Kailangan ng panahon para maisaayos ito. Walang mga shortcut o sikreto.

## Makakatulong ang mga hakbang sa sumusunod

### 1. Palaging bayaran ang iyong mga bayarin sa takdang petsa

“Kapag sinabing ‘sa takdang oras’, nangangahulugan ito na natatanggap ng kompanya ang bayad sa araw na itinakda ang bayarin. Kung nagbabayad ka gamit ang koreo, ilagay ang iyong pagbabayad sa koreo ilang araw bago nitong takdang petsa.

### 2. Huwag maging masyadong malapit sa pinakamataas na antas ng iyong credit

Isinasaalang-alang ng mga credit score kung gaano ka kalapit sa pagiging “maxed out” sa mga credit card. Kung masyado mong ginamit ang pinakamataas na antas ng iyong credit, baka makasama ito sa iyong credit score. Ipinapayo ng ilang eksperto na gumamit ng hindi hihigit sa 30 porsyento ng iyong kabuuang pinakamataas na antas ng credit – habang sinasabi naman ng iba na gamitin mo ito nang hindi lalampas sa 10 porsyento.



### 3. Huwag mag-apply ng masyadong malaking credit sa maikling panahon

Puwedeng bumaba ang iyong credit score kung nag-apply ka o nagbukas ng maraming bagong account sa isang maikling panahon. Kabilang dito ang pagkuha ng bagong card para mailipat mo ang mga balanse, o magbukas ng bagong card account ng tindahan para makakuha ka ng diskuwento.

### 4. Kung hindi ka kwalipikado para sa regular na credit card, sumubok ng isang secured card [may panagot]

Maraming bangko at credit union ang nag-aalok ng mga secured na credit card. Sa karamihan sa mga card na ito, nagsisimula sa maliit na halaga ang credit line.

Habang ipinapakita mo na nakakapagbayad ka sa takdang oras, puwedeng tumaas ang pinakamataas na antas ng iyong credit at puwede mong isauli ang iyong deposito. Puwedeng mataas ang mga bayarin at antas ng interes para sa mga secured card, pero makakatulong sa iyo ang paggamit nito para maisaayos ang iyong credit record.

## 5. Kapag nagbayad ka gamit ang credit card, bayaran ang balanse kada buwan

Puwede mong isaayos ang iyong credit gamit ang iyong credit card at palaging pagbabayad sa takdang petsa. Bayaran ang iyong mga balanse nang buo kada buwan para iwasan ang pagbabayad ng mga pinansyal na singilin. Puwede ka ring makabuo ng mas maayos na credit sa pamamagitan ng pagbabayad ng iyong mga balanse kada buwan kaysa paglilipat ng balanse, dahil nakakatulong ito na makaiwas kang mapalapit sa limitasyon ng iyong credit.

## 6. Ipagpatuloy ito

Ang mga credit score ay batay sa iyong pangkalahatang karanasan sa pamamagitan ng pagbabayad ng iyong mga bayarin sa paglipas ng panahon. Mas matagal kang may credit at magbayad sa takdang petsa, mas maraming impormasyon ang magpapakita na maganda kang bigyan ng credit.

## 7. Suriin ang iyong mga credit report at ayusin kaagad ang mga kamalian

Ipinapakita ng iyong credit report ang kasaysayan ng iyong mga loan at pangungutang.

Puwede kang makakuha ng libreng naka-print na kopya ng bawat isa sa iyong mga credit report mula sa tatlong pambansang kompanya sa pag-uulat ng credit kada 12 buwan sa [annualcreditreport.com](http://annualcreditreport.com) (sa Ingles). Nagbibigay ang Equifax ng anim na karagdagang libreng credit report kada 12 buwan, hanggang December 31, 2026. Kapag bumisita ka sa site, makakakita ka ng mga hakbang para mas madalas na tingnan ang mga na-update ng ulat online. Nagbibigay ito sa iyo ng mas magandang kakayahan na bantayan ang mga pagbabago sa iyong credit.

Puwede kang makakita ng mga maling impormasyon na nagpapababa sa iyong score. Kung may nakita ka, mag-file ng pagtutol sa kompanya sa pag-uulat ng credit at sa kompanya na pinagmulan ng impormasyon.

### Gaano katagal karaniwang makikita sa iyong credit report ang negatibong impormasyon?

Nahuling pagbabayad	7 taon
Kabanata 13 pagka-bankrupt	7 taon
Kabanata 7 pagka-bankrupt	10 taon
Pagkaremata	7 taon
Mga kaso at hatol	7 taon o higit pa

Sa pangkalahatan, mas may epekto ang kamakailang negatibong impormasyon sa iyong credit score kaysa sa mas lumang impormasyon.

### Heto ang apat ng bagay ng hindi nakakatulong na ayusin ang credit

- Gumagamit ng debit card o nagbabayad ng pera. Hindi magpapakita ang mga transaction na ito na kaya mong magbayad ng mga utang.**
- Gumagamit ng prepaid card.** Ang prepaid card ay sarili mong pera na naunang na deposito.
- Umuutang sa pagsahod.** Maaaring hindi ito makakatulong sa credit mo kahit na nasapanahon ang pagbayad mo.
- Umuuang sa kotse sa nagtitinda na "buy here, pay here",** maliban sa ipapangako nila ng iuulat ang pagbayad mo sa nasapanahon.

## Magsumite ng reklamo

May problema ba sa pinansiyal na produkto o serbisyo? Ipapasa namin ang iyong reklamo sa kumpanya at ipagagawa sa iyo ang isang tugon – karaniwan sa loob ng 15 araw.



Online

[consumerfinance.gov/complaint](https://consumerfinance.gov/complaint)

(sa Ingles)



Sa telepono

(855) 411-CFPB (2372)

(855) 729-CFPB (2372) TTY/TDD



Sa koreo

P.O. Box 2900

Clinton, IA 52733-2900